
3

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1:

## Uri ng Pamumuhay ng Mamamayan at ang Kaugnayan nito sa Kapaligiran



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan– Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Kwarter 4 – Modyul 1: Uri ng Pamumuhay ng Mamamayan at ang Kaugnayan nito sa Kapaligiran**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon paman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga taga paglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot saKagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Consultants:**
Regional Director : BENJAMIN D. PARAGAS, CESO IV
Assistant Regional Director : JESSIE L. AMIN, CESO V
Schools Division Superintendent : ALFREDO B. GUMARU, JR., EdD, CESO VI
Asst. Schools Division Superintendent(s): ADONIS C. CEPEREZ, EdD, CESE
Chief Education Supervisor, CLMD : OCTAVIO V. CABASAG, PhD
Chief Education Supervisor, CID : RUBY B. MAUR, EdD

**Manunulat:** VISITACION ANDRES, Alicaocao ES, Cauayan City
**Editors:** NOIMI L. TATTAO, Cauayan South Central School, Cauayan City
Juvilyn D. Espiritu, Junjun G. Ringor, Roshalie B. Luis
**Tagasuri:** LODESA G. DULNUAN, Don Faustino N. Dy ES, Cauayan City
MARGARITA C. CALATA, Alinam ES, Cauayan City
**Tagaguhit:** VISITACION ANDRES, Alicaocao ES, Cauayan City
**Tagalapat:** VISITACION ANDRES, Alicaocao ES, Cauayan City

**Tagapamahala:** ALEXANDER G. GERONIMO, Division Learning Area Supervisor
CHERRY GRACE D. AMIN, Division LRMS Supervisor
MIRAFLOR D. MARIANO, Regional Learning Area Supervisor
RIZALINO G. CARONAN, Regional LRMS Supervisor

Printed in the Philippines by Department of Education - Region 02 – SDO Cauayan City

Office Address: Barangay Turayong, Cauayan City, Isabela
Telefax: (078) 652-1614
E-mail Address: cauayancity@deped.gov.ph

# 3

# Araling Panlipunan

## Ika-apat na Markahan – Modyul 1:

## Uri ng Pamumuhay ng Mamamayan at ang Kaugnayan nito sa Kapaligiran

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

**Para sa taga pagdaloy**:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan-Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Uri ng Pamumuhay ng Mamamayan at ang Kaugnayan nito sa Kapaligiran**!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaralang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

> ***Mga Tala para sa Guro***
> Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral**:

Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipunan-Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Uri ng Pamumuhay ng Mamamayan at ang Kaugnayan nito sa Kapaligiran**!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

***Suriin***

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

***Pagyamanin***

Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

***Isaisip***

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

***Isagawa***

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalinang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

***Tayahin***

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.

***Karagdagang Gawain***

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.

***Susi sa Pagwawasto***

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

***Sanggunian***

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing na papaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang Gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o

sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Alam mo ba ang mga kapaligiran ng iba't ibang lalawigan ng ating rehiyon? Saan kumukuha ng ikinabubuhay ang mga tao sa inyong lugar? May kaugnayan ba ang kapaligiran at hanapbuhay sa inyong lalawigan?

Malaki ang kaugnayan ng kapaligiran sa uri ng pamumuhay ng mga tao sa lalawigan. Sa kapaligiran nagmumula ang ikinabubuhay ng mga tao sa isang lugar. Iniuugnay rin ng mga tao ang uri ng kasuotan, pananim, at gawain sa kanilang kapaligiran.

Sa araling ito, inaasahang:

1. Naipapaliwanag ang kaugnayan ng kapaligiran sa uri ng pamumuhay ng mamamayan sa lalawigan ng kinabibilangang rehiyon at sa mga lalawigan ng ibang rehiyon; (**AP3AP-IvA-1)**
2. nailalarawan ang uri ng ikinabubuhay ng kinabibilangang lalawigan ayon sa kapaligiran ; at
3. napahahalagahan ang mga hanapbuhay sa ating pamayanan.

## *Subukin*

**Panuto:** Basahin ang bawat tanong. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Anong lalawigan ang tinaguriang **Trade Center** ng rehiyon?
   a. Batanes
   b. Isabela
   c. Cagayan

d. Quirino

2. Anong lalawigan ang may malamig na klima na tinaguriang **Salad Bowl of Lowland at Citrus Capital of the Philippines?**
   a. Nueva Viscaya
   b. Quirino
   c. Isabela
   d. Cagayan

3. Ano ang pangunahing pangkabuhayan ng Batanes?
   a. Agrikultura
   b. Pangingisda
   c. Pagmimina
   d. Pangangalakal

4. Anong lalawigan ang kilala noon na pangunahing taniman ng tabako na nagbigay ng masaganang buhay sa mga mamamayan dahil sa matabang lupa na kanilang sinasaka?
   a. Cagayan
   b. Isabela
   c. Nueva Viscaya
   d. Batanes

5. Kung ang lugar ay maraming yamang dagat, ano ang maaaring kabuhayan ng mga mamamayan dito?
   a. pagsasaka
   b. pangingisda
   c. pagmimina
   d. paghahayupan

| Aralin 1 | Kapaligiran at Ikinabubuhay sa mga Lalawigan ng Kinabibilangang Rehiyon |
|---|---|

Ang uri ng kapaligiran ay malaking kaugnayan sa mga ikinabubuhay ng mga mamamayan. Sa araling ito malalaman natin ang iba't ibang uri ng kapaligiran sa ating rehiyon at kung paano ito iniuugnay ng mga mamamayan sa kanilang hanapbuhay.

## Balikan

Ano ang natutuhan ninyo sa nakaraang aralin. Isulat ito sagutang papel.

Ano ang mga kinagisnan mong kultura sa iyong rehiyon? Kaya mo bang gumawa ng payak na mapa na nagpapakita ng iba't ibang kultura ng inyong rehiyon?

***Mga Tala para sa Guro***

Mahalagang unawain ang gagawing pagbasa sa mga nilalaman ng modyul na ito upang mas mapadali at maging magaan ang mga nakalaang gawain para sa bawat aralin. Mas mainam na sunding mabuti ang mga panuto bilang gabay sa paggamit nito at matiyak na makamit ang mga layunin sa pagkatuto.

## Tuklasin

## Ang Kapaligiran at Kabuhayan sa Lambak ng Cagayan

Ang Rehiyon II o kilalang Lambak ng Cagayan ay may kayamanang ekolohikal, kultural, matabang lupa, at mayamang mga anyong tubig. Dito matatagpuan ang Ilog Cagayan, ang pinakamahahabang ilog sa Pilipinas at ang pinakamahahabang baybayin sa Pilipinas. Dito rin makikita ang Kipot ng Luzon na dumadaloy palabas ng dagat, ang Ilog Cagayan sa Aparri patungo sa Lagusang Babuyan.

Ang Lambak ng Cagayan ay tinagurian ding "Tilapia Capital of the Philippines."

Tatlong kabundukan ang nakapalibot dito, ang Sierra Madre, Cordillera, at Caraballo na mayaman sa kagubatan.

### BATANES

Ang Batanes na nasa pinakahilagang bahagi ay nabubuhay sa kapaligirang sagana sa yamang dagat at tahanan ng mga matitipunong mandaragat.

Isa sa pangunahing hanapbuhay ng mga Ivatan ay ang pangingisda dahil sa malawak na anyong tubig na nakapalibot dito. Marami ring uri ng halamang ugat ang tinatanim dito tulad ng kamote, ube, tugi, at taro o gabi na itinuturing na pangunahing ikinabubuhay ng mga tao. Nag-aalaga rin sila ng baka dahil sa madamong lugar at magandang pastulan, may mga industriyang pantahanan din ang pinagkakakitaan.

Tanyag ang Batanes sa natatanging ganda ng mga tanawin na umaakit sa turista. Ang turismo ay isa sa pinagkakakitaan ng lalawigan. Isa ito sa tatlumpu't dalawang lugar na madalas binibisita ng mga turista sa bansa. Kilala rin sa kakaibang uri at tibay ng mga bahay na inaangkop sa uri ng kanilang tropikal na klima. Dahil sa lokasyon, madalas itong dinadaanan ng bagyo ngunit ito ang nagbibigkis sa mga Ivatan na magkaisa, magmalasakit at magtulungan. Kaya nagpatayo

ang **PAGASA** ng **weather station** dito upang masubaybayan ang lahat ng bagyo na pumapasok sa bansa.

## CAGAYAN

Ang Kuweba ng Callao sa Cagayan ay tinatayang naging tahanan ng mga unang taong nanirahan sa Pilipinas dahil sa nahukay ng mga arkeologo na isang buto ng daliri sa paa na itinuturing na isa sa pinakamatandang fossil ng tao sa bansa. Tinatawag itong Taong Callao o Homo luzonensis na tinatayang 67 000 taong gulang na mas matanda ng 20 000 taon sa fossil ng Taong Tabon sa Palawan.

Kilala noon ang Cagayan na pangunahing taniman ng tabako sa bansa. Tabako ang isa sa mga nagbigay ng masaganang buhay sa mga Cagayano dahil sa matabang lupa na kanilang sinasaka.

Ngunit sa pagdaan ng panahon, unti-unting nawalan ng interes ang mga Cagayano sa pagtatanim ng tabako dahil sa kakulangan ng binhi at punla. Isa ring dahilan ang paglaki ng Ilog Cagayan na sumira sa katabaan ng lupa at tekstura ng mga itinanim na tabako. Ito ang nag-udyok sa kanila na magtanim ng palay, tubo, saging, gulay, mais, at mani. Kilala ang Enrile, Cagayan na pangunahing nagtatanim ng mani. Noong 2015, tinagurian ni **Agriculture Secretary Proceso J. Alcala** na ***Peanut Capital*** ng bansa ang bayan ng Enrile.

Sa Ilog Cagayan din nahuhuli ang isa sa pinakamasarap at pinakamahal na uri ng isda, ang *ludung o lurung*.

## ISABELA

Ang Isabela ay nangunguna sa produksiyon ng palay at

mais at pag-aalaga ng hayop sa rehiyon dahil sa malawak nitong lupain. Pangalawa ito sa pinakamalaking lalawigan sa buong Pilipinas.

Taong 2000 nang ibinigay sa Isabela ang premyong “Gawad Sapat na Ani Award 2000". ”to ay nangunguna sa agrikultura at tinawag itong “Kamalig ng Mais at Palay” sa Luzon dahil sa malawak nitong

kapatagan at kabukiran. Ipinapahayag na nangunguna sa Top 10 Corn Producing Provinces in the Counrty at pumapangalawa sa produksyon ng palay sa taong 2013.

Ang Magat Dam na matatagpuan sa Ramon Isabela ay kilala bilang ***1st Multi Purpose Dam in Southeast Asia*** at pangalawang pinakamalaking **Hydro Electric Power Plant** sa bansa**.** Ito ay nakapagbibigay ng 360 MW hydroelectric power na tumutustos sa pangangailangang kuryente at tubig ng mga bukurin sa lambak.

Ang Isabela ay nangunguna sa produksiyon ng palay at mais at pag-aalaga ng hayop sa rehiyon dahil sa malawak nitong lupain. Pangalawa ito sa pinakamalaking lalawigan sa buong Pilipinas.

May mga yamang mineral din ito tulad ng ginto, tanso, nikel, chromite, luad, apog, at gemstone (opal). Ang mga kabundukan ng Sierra Madre ay Protektadong Pamanang Pook (Northern Sierra Madre Protected Heritage Site) na maaaring gamitin sa trekking, mountain climbing, pagmamasid sa buhay-ilang katulad ng Philippinea Eagle at Philippine Oriole.

Dahil sa tatlong lungsod ng Isabela, tinagurian itong **Trade Center** o Sentro ng Kalakalan ng Rehiyon II.

## NUEVA VIZCAYA

Isang lalawigan sa Rehiyong II na may malamig na klima at tinaguriang **Salad Bowl of Lowland** at **Citrus Capital of the Philippines**.

Agrikultura ang ikinabubuhay ng mga tao rito. Kalimitang nagtatanim ang mga katutubo sa mga dalisdis ng bundok. May mga yamang mineral din ng ginto at tanso sa bayan ng Didipio sa bayan ng Kasibu.

Dito rin matatagpuan ang isa sa mga pinakamatandang puno ng Acacia sa buong Pilipinas. Iba-ibang mga katutubo ang nakatira rito ngunit halos magkakapareho ang kanilang kultura.

## QUIRINO

Matatagpuan ang Quirino sa mataas na bahagi ng Ilog Cagayan (Cagayan River Upper Basin) sa timog-silangang bahagi ng Lambak

Cagayan. Ang kabundukan ng Quirino ang pinakamalaking watershed ng Ilog Cagayan. Maburol at mabundok ang topograpiya ng lalawigan. Biniyayaan din ito ng maraming likas na atraksiyong panturismo. Ang mga dalisdis ay halos natatamnan ng mais. Marami rin itong taniman ng saging kaya ito ang nangunguna sa produksiyon ng saging.

Sapat din ang panustos nito sa paggawa ng muwebles at iba pang mga kasangkapan dahil marami itong kabundukan.

Mayroon ding nagmimina ng ginto sa Cabarroguis na nakapagbibigay ng trabaho sa mga nakatira doon. May mga kuweba at mga talon din dito na pinupuntahan ng mga bakasyunista at turista.

## Suriin

Panuto: Sagutin ang sumusunod na katanungan.

1. Anong uri ng kapaligiran ang Batanes? Ano ang pangunahing hanapbuhay dito?

   ________________________________________________
   _

2. Paano iniangkop ng mga taga  Nueva Vizcaya ang uri ng kapaligiran sa kanilang hanapbuhay?

   ________________________________________________
   _

3. Ano ang pagkakatulad ng Quirino at Nueva Vizcaya?

   ________________________________________________
   _

4. Kung ang lugar ay malapit sa baybayin at malawak ang dagat, ano ang pangunahing hanapbuhay rito?________________________________________

5. Sa kabuuan, paano maiuugnay ang uri ng kapaligiran at hanapbuhay ng lalawigan?

   ____________________________________________

## Pagyamanin

**Gawain 1**

**Panuto:** Kilalanin ang tinutukoy ng bawat bilang. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ito ang sentro ng kalakalan.______________________
2. Tinatawag itong Kamalig ng Mais at Palay sa Luzon dahil sa malawak na kapatagan na mainam taniman ng palay at mais. ______________________
3. Dito matatagpuan ang isa sa mga pinakamatandang puno ng acacia. ____________________
4. Matatagpuan ito sa timog-silangang bahagi ng Lambak Cagayan at sa mataas na bahagi ng ilog Cagayan (Cagayan River Upper Basin). _________________
5. Kilala ito sa kakaibang uri at tibay ng mga bahay na iniangkop sa uri ng panahon na nararanasan dito. ______________________________

**Gawain 2**

**Panuto:** Matapos mong mabasa ang mga impormasyong may kinalaman sa iba't ibang lalawigan ng rehiyon, punan mo ang mga hinihinging datos sa bawat kolum. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

| Lalawigan | Uri ng Kapaligiran | Pangunahing Hanapbuhay |
|---|---|---|
| 1. Batanes | | |
| 2. Cagayan | | |
| 3. Isabela | | |
| 4. Nueva Viscaya | | |
| 5. Quirino | | |


**Gawain 3**

**Panuto:** Tingnan nang maigi ang mga larawan sa ibaba. Sa anong kapaligiran kaya ito makukuha/makikita? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.


____________1 

____________2 

____________3. 


____________4. 


____________5. 




___________6.

___________7. 



___________8. 

___________9. 


___________10. 


## Gawain 4


**Panuto:** Pagtambalin ang Hanay A sa Hanay B. Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

| A | B |
|---|---|
| ____1.  | a. pagmimina |
|  | |

___2. b. turismo


___3.  c. pagsasaka




___4  d. paghahayupan

____5.  e. pangingisda

**Gawain 5**

**Panuto:** Punan ang hinihinging datos sa bawat kolum. Isulat ang sagot sa papel.

| Larawan | Uri ng Hanapbuhay | Sariling Paraan ng Pangangalaga sa Hanapbuhay |
|---|---|---|
|  | | |

| | | |
|---|---|---|
|  | | |
|  | | |
|  | | |
|  | | |


## *Isaisip*

**Panuto:** Punan ang bawat patlang upang mabuo ang pahayag batay sa araling natutuhan sa modyul na ito. Isulat ang sagot sa papel.

Malaki ang kaugnayan ng ___________ sa uri ng pamumuhay ng mga tao sa lalawigan. Sa kapaligiran nagmumula ang ___________ ng mga tao sa isang lugar.

## *Isagawa*

**Panuto:** Ibigay ang maaaring pangunahing hanapbuhay ng sumusunod na uri ng kapaligiran? Isulat ito sa sagutang papel.




## *Tayahin*

**Panuto:** Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang pangunahing hanapbuhay ng mga lalawigan na malapit sa baybayin?
   a. agrikultura
   b. pagsasaka
   c. pangingisda
   d. pangangalakal

2. Anong uri ng kapaligiran mayroon ang Isabela?
   a. malawak na kapatagan
   b. maraming yamang mineral
   c. may malaking deposito ng ginto
   d. malawak na baybayin


3. Ang Isabela ay may malawak na taniman at produksiyon ng _________.
   a. repolyo
   b. palay at mais
   c. saging
   d. dalandan

4. Dahil mayroon itong maburol at mabundok na kapaligiran, ano ang pangunahing hanapbuhay rito?
   a. Pagsasaka at pagmimina
   b. pangingisda
   c. pagsasaka
   d. pagtotroso

5. Paano naiuugnay ang kapaligiran sa ikinabubuhay ng kinabibilangang lalawigan?
   a. inaangkop nila sa kanilang pananim sa kanilang mga kagustuhan
   b. nagmumula ang kanilang ikinabubuhay sa kanilang kapaligiran
   c. iniuugnay nila ang kanilang gawain at pananim sa kanilang paniniwala
   d. lahat nang nabanggit

## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Pumili ng isang lalawigan sa ating rehiyon at isulat ang mga hinihinging impormasyon na nasa chart sa ibaba. Isulat ito sa sagutang papel.




## Susi sa Pagwawasto

Edit

| SUBUKIN | PAGYAMANIN | |
|---|---|---|
| | **Gawain 1** | **Gawain 2** |
| **1. B** | **1. Isabela** | **1. Malawak na baybayin-pangingisda** |
| **2. A** | **2. Isabela** | **2. Kapatagan at baybayin-pagsasaka/pangingisada** |
| **3. B** | **3. Nueva Viscaya** | **3. Malawak na kapatagan-pagsasaka** |
| **4. A** | **4. Quirino** | **4. Kabundukan-pagsasaka/agrikultura** |
| **5. B** | **5 Batanes** | **5. Maburol at mabundok-pagsasaka/pagmimina** |

**Gawain 3** **Gawain 4**

| | |
|---|---|
| 1. **Malawak na kapatagan** | **1. b** |
| 2. **Malawag na kapatagan/kabundukan** | **2. d** |
| 3. **Malawag nakapatagan** | **3. c** |
| 4. **Kabundukan** | **4. e** |
| 5. **Baybaying dagat** | **5. a** |
| 6. **Kabundukan** | |
| 7. **Malawak na kapatagan/kabundukan** | |
| 8. **Kapatagan/kabundukan** | |
| 9. **Kapatagan/kabundukan** | |
| 10. **Baybaying dagat** | |

Gawain 5

1. pangingisda-huwag magtapon ng basura sa dagat
2. pagsasaka-magtanim ng mga kahoy, iwasang magputol ng mga kahoy
3. pagmimina-huwag abusuhin ang kalikasan
4. pagsasaka- magtanim ng mga kahoy, iwasang magputol ng mga kahoy
5. pagsasaka- magtanim ng mga kahoy, iwasang magputol ng mga kahoy

TAYAHIN

1. C
2. A
3. B
4. A
5. D

# *Sanggunian*


Gabay Pangkurikulum pahina. 36 AP3EAP-IVA-1

https://en.wikipedia.org/wiki/Batanes

https://en.wikipedia.org/wiki/Cagayan

https://en.wikipedia.org/wiki/Isabela

https://en.wikipedia.org/wiki/Quirino

https://en.wikipedia.org/wiki/Nueva Viscaya

**For inquiries or feedback, please write or call:**

Department of Education – Region 02 – SDO Cauayan City

Barangay Turayong, Cauayan City, Isabela 3305

Telefax: (078) 652-1614

Email Address: cauayancity@deped.gov.ph